

Mga balita sa Tsu

Tsu City International Exchange Association
 23-1 Nishi Marunouchi Tsu City [Tel:059-229-3146](tel:059-229-3146)
<http://tiea.jp> E-mail: info@tiea.jp

Marso 2022




タカログ語



Ika-3 PAGBABAKUNA (BOOSTER) KONTRA COVID-19

Habang tumatagal unti-unti ding humihina ang bisa ng itinurok na bakuna kontra covid-19 kaya kahit 2 beses ng nabakunahan, inirerekomenda pa rin ang pagpapaturok ng booster (ika-3 bakuna) upang muling tumibay ang panglaban ng katawan kontra sa covid-19.

Ang Tsu City ay magsasagawa ng ika-3 dosis na pagbabakuna (booster) kontra covid-19 ng ayon sa sumusunod:

Bayad para sa bakuna	Libre	
Pwedeng magpabakuna	Mga 18 taong gulang pataas na 2 beses ng nabakunahan at 6 na buwan na ang nakalipas mula ng huling tumanggap ng bakuna kontra covid-19.	
Bakuna na gagamitin	Pfizer at Moderna	
Paraan ng pagbabakuna	Pwedeng magpabakuna sa mga participating medical institution o kaya sa mga itinalagang mass vaccination site.	
Indibidwal na pagbabakuna	Mass/Grupong Pagbabakuna	
<p>Kapag indibidwal na magpapabakuna (sa klinika)</p> <p>Magkakaiba ang oras at paraan ng pagpapareserba depende sa bawat klinika.</p> <p>【Homepage ng Tsu City】 I-scan ang QR code sa ibaba para sa listahan ng mga participating medical institution/klinika</p> 	<p>【Lugar】 Tsu Center Palace 1st floor (7-15 Daimon, Tsu City)</p> <p>【Araw at oras】 <u>Huwebes at Sabado</u> 2:00-5:00 pm <u>Linggo, Holiday</u> 9:30 am - 12:30 pm 2:00 pm - 5:00 pm</p> 	<p>【Lugar】 Hisai Inter Garden 2490 Hisai Myojin-cho Tsu City</p> <p>【Araw at oras】 <u>Huwebes at Sabado</u> 2:00-5:00 pm <u>Linggo, Holiday</u> 9:30 am - 12:30 pm 2:00 pm - 5:00 pm</p> 

PARAAN NG PAGPAPARESERBA

<p><u>Pakitingnan na lamang ang paraan ng pagpapabakuna sa mga medical institution sa pamamagitan ng QR code sa itaas.</u></p>	<p>【Telepono para sa konsultasyon at reserbasyon para sa pagbabakuna】 TEL:0120-059-550 Covid-19 Reservation website ng Tsu City.</p> 
--	---

Magpareserba kapag dumating na ang coupon para sa ika-3 dosis na pagbabakuna (booster)

PARA SA MGA MAY ALAGANG ASO AT PUSA

Bilang may-ari ng pet, dapat na maging responsable at buong pagmamahal ang ibibigay hanggang sa huling sandali ng alaga. Subalit, dumarami ang mga reklamo at problema tungkol sa mga alagang hayop dahil sa mga irresponsableng pag-aalaga.

Upang hindi maka-abala sa iba, sundin ang mga tamang pamamaraan para sa pag-aalaga ng pet.

Kapag mag-aalaga ng aso

- Siguraduhing hindi ito makakawala o huwag itong pakakawalan.
- Tiyaking dalhin pauwi ang dumi ng alagang aso kapag lumabas para maglakad. Buhusan din ng tubig ang inihian ng alagang aso at tiyaking panatilihin ang kalinisan.
- Tiyaking huwag makaabala sa iba ang amoy, dumi at ingay o iyak ng inyong aso.

Kapag mag-aalaga ng pusa

- Sikaping bantayan sa loob ng bahay ang inyong alagang pusa upang mailayo sila sa panganib gaya ng aksidente sa trapiko at pagkakaroon ng impeksyon.
- Ipakapon (spay/neuter) ang inyong pusa upang maiwasan ang pagdami ng mga ito.



Para sa mga katanungan

Environmental Conservation Division ☎ 059-229-3282

LINGGO NG PAG-IWAS SA SUNOG SA TAGSIBOL (Marso 1-7)

Ito ang mga panahon kung saan madaling magkaroon ng mga sunog dahil masyado pa ring dry ang hangin. Upang maprotektahan ang buhay at mga ari-arian mula sa sunog, hinihikayat ang lahat na sumali sa mga isinasagawang fire prevention drill sa bawat lokal.

I-check ng regular ang inyong fire alarm

- Pindutin ang button o kaya hilain ang string para patunugin ang alarm upang masiguro kung gumagana ba ito ng maayos. Palitan din kaagad ito o ang battery nito kung hindi na ito gumagana o kaya sirana.



Mag-iingat sa sunog kapag may mga kalamidad

Dahil sa mga likas na kalamidad gaya ng bagyo, lindol at iba pa, nagkakaroon ng matagal na brownout o blackout. At kapag bumalik na ang kuryente, dito na nagsisimulang magkaroon ng sunog dahil sa mga nalalaglag na damit sa electric heater o kaya pag liyab ng mga natumbang heater. Upang maiwasan ang pagkakaroon ng ganitong sunog pagkatapos ng sakuna, sikaping magpakabit ng automatic circuit breaker na kusang tumitigil ang daloy ng kuryente kapag may lindol o kaya siguraduhing i-off muna ang circuit breaker o ang main switch ng fuse box bago lumikas.

Wastong pagtapon ng hindi na ginagamit na kerosene

Ang maling pagtatapon ng mga hindi na ginagamit na kerosene ay maaaring magdulot ng malalang sunog at masamang epekto sa kapaligiran.

Kapag magtatapon ng kerosene

- Kapag kaunti lamang, ipasipsip ito sa papel o tela at itapon sa nasusunog na basura.
 - Kapag marami naman, mangyaring kumunsulta sa binilhan nito o kaya sa gasoline station.
- ✂ Magtanong na lamang sa tindahan kung gaano karami at magkano ang babayaran para sa pagpapatapon.
- ✂ May posibilidad na kayo ay tanggihan ng tindahan kapag hindi sila tumatanggap o kaya madami ang inyong ipapatapon.

GUSTO NIYO BANG SUMALI SA STAGE PERFORMANCE SA ARS PLAZA?

Ang Hisai na nasasakupan ng Tsu City ay mayroon ng mahigit 350 taong kasaysayan.

Sa Oktubre 10 (holiday) 2020 isasagawa ang stage performance "Hisai Monogatari" sa Ars Plaza. Ang nilalaman nito ay duladulaan, sayaw at awit ng mga bata na magbibigay sa kanila ng kaalaman tungkol sa kasaysayan ng Hisai.

Dahil dito, ang Hisai Ars plaza ay naghahanap ng mga interesadong sumali sa event na ito. (Mayroong audition.)

Target na kasali: Mula grade 4 sa elementary hanggang 18 years old. ✂ Mga 30 katao

Bayad: Libre/walang bayad

Audition: Marso 21, 2022 (Lunes/Holiday)

Oras: ①10:00-12:00 ②14:00-16:00 ③ 18:00-20:00

Ensayo/practice: Magsisimula sa Mayo (Huwebes, Biyernes, Sabado at Linggo)

Para sa mga katanungan: Citizen Communication division Tsu City hall (059-229-3146)

**Lisensya
na
pwedeng
makuha**

METAL WELDING COURSE

- JIS basic welding certification (SA-2F, SA-3F)
- Certification of skill training course for gas welding.
- Certification of special education in Arc Welding.
- Certification of special education in grinding wheels.
- (Optional) Slings skill / Tamakake training course certification



Training period: Abril 7, 2022 (Thu) hanggang Setyembre 2, 2022 (Fri) (6 na buwan) 8:30 am - 3:40 pm

Tuition Fee: Libre ang matrikula subalit mayroong babayaran na 20,000 yen sa pagpasok para sa safety gears, uniporme at accident insurance.

**Mga maaaring
mag-aral:**

- Mga nais kumuha ng skill at gustong magtrabaho sa metal forming.
- Mga dayuhan na walang restriction sa VISA para magtrabaho.
- Mga wala pang masyadong karanasan sa pagtatrabaho o hindi pa nakaranas magtrabaho.

Selection at interview: Marso 7, 2022 (Lunes) at Marso 24, (Huwebes)

Sa mga interesadong mag-aral, kailangan niyong pumunta sa entrance selection kaya tiyaking kumunsulta sa Hello Work.

Nilalaman ng selection test: Paliwanag tungkol sa training, rehistrasyon, IQ test, Hiragana test at personal interview.

Mga kailangang dalhin sa araw ng examination: Panulat (black ballpen, lapis, pambura), Zairyu card (Residence card), hello work card o kaya isa sa alinman sa ①-④

- ① Sertipikasyon ng pagtanggap ng unemployment insurance. Sa mga tumanggap ng unemployment insurance.
- ② Student card "chousasho"/shushokusha-hyou. Para sa mga kaka-graduate lang sa Senior High School.
- ③ Work permit "shushoku soudan hyou". Para sa mga kakatapos lang sa Junior High School.
- ④ Identification card (Driver's license, Health Insurance card o iba pa). Para sa mga di nabanggit sa itaas.

< Para sa mga katanungan at aplikasyon >

Mie Kenritsu Tsu Kouto Gijutsu Gakkou Tsu city Takachaya Komori-cho 1176-2

Incharge : Maeda at Kitamura ☎ 059-234-3135 FAX 059-234-3668

DEKLARASYON NG MUNICIPAL TAX

< Mga kailangang mag-file ng income tax return >

- Mga may sariling negosyo (Mga may sariling tindahan o iba pa)
- Mga tumatanggap ng sweldo na hindi nag-file ng year-end tax adjustment sa kumpanyang pinapasukan.
- Mga nag-file ng year-end tax adjustment subalit nais baguhin ang bilang ng mga dependents (sinusuportahang pamilya) o iba pa. (Nais magdagdag ng dependents)
- Mga tumatanggap ng sweldo mula sa mahigit dalawang kumpanya.

< Lugar at oras >

Lugar: Mie-ken Kyouiku Bunka Kaikan 5th Floor (Tsu City Sakurabashi 2-142)

Period: Mula Pebrero 16 (Miyerkules) Hanggang Marso 15 (Martes)

Oras: 9:00 am hanggang 5:00 pm

Note: Sarado tuwing Sabado at Linggo

< Mga kailangang dokumento (requirements) >

- ① Residence Card
 - ② Dokumento na maaaring makumpirma ang "my number"
 - ③ Withholding tax slip (Gensen) ④ Inkan (seal) ⑤ Passbook ⑥ Remittance Certificate
 - ⑦ My number ng mga dependents
 - ⑧ Mga dokumento na magpapatunay ng relasyon sa dependents o iba pa.
- ※Posibleng hingian ng mga karagdagang dokumento depende sa nilalaman ng deklarasyon.

< Mga paalala sa pagpunta sa venue >

- Huwag pupunta kung kayo ay nabibilang sa sumusunod.
 - May lagnat at ubo at hinihinalang may covid.
 - Mga pumunta ng ibang bansa sa loob ng hindi pa nakakalipas na 14 araw.
 - Mga delikado ang kalusugan kapag nahawaan ng sakit gaya na lamang ng mga matatanda at mga may karamdamdan.
 - Siguraduhing magdala at magsuot ng facemask.
 - Magsuot ng damit panlamig dahil bubuksan ang mga bintana at pintuan para makadaloy ng maayos ang hangin
 - Kukunan ng body temperatura sa may tanggapan.
 - Sulatan ang registration form.
 - Tiyaking mag-alcohol ng mga kamay sa may tanggapan.
 - Iwasan ang kumain at uminom sa loob ng venue.
- Note: Upang maiwasan ang siksikan sa loob ng venue, lilimitahan lamang ang bilang ng papapasukin sa loob. Aasahan namin ang inyong pag-unawa at kooperasyon.

< Para sa mga katanungan >

Tsu Tax Office ☎ 059-228-3131

Sali na sa TIEA!

Ang Tsu City International Exchange Association (TIEA) ay naghahanap ng mga nais maging miyembro at nais sumuporta sa mga gawain at layunin nito.

【Annual Membership】 per person ¥ 2,000

Family Membership ¥ 3,000

Company • Group membership ¥10,000

< Para sa mga katanungan >

Tsu City International Exchange Association
(Sa loob ng Shimin-koryu-ka) ☎ 059-229-3146

GAMBARUKAI

~Japanese Class~

Lugar : Takachaya Shimin Center

Or
Fe
★I
clas

PANSAMANTALANG SARADO

- ★Tuturuan ang mga bata sa kanilang homework.
- ★May mga volunteer na tumutulong sa pagtuturo.

Populasyon ng mga dayuhang Residente sa Tsu (Sa kasalukuyan ng Pebrero 1, 2022)

Bansa	Population	Pagbabago kada buwan
1	Brazil	2,134 -1
2	Philippines	1,485 7
3	Vietnam	1,257 -36
4	China	1,145 -1
5	Korea	401 0
6	Bolivia	394 -3
7	Indonesia	353 3
8	Nepal	238 1
9	Thailand	208 0
10	Peru	183 -13
Others	642	-14
Total	8,440	-57
Gross Population	273,750	-315

Kanselasyon ng maliliit na sasakyan (kei) at motorsiklo

Sa mga may maliit na sasakyan at motorsiklo, sisingilin po kayo ng buwis mula sa Abril 1, para sa buong taon. Kaya kung gusto niyo na itong i-dispose o ipamigay, mangyaring ikansela niyo na ang rehistro nito o papalitan na ang nakapangalan dito hanggang Marso 31 upang hindi na kayo magbayad ng buwis.

Pagpalit ng pangalan ng maliit (kei) na sasakyan



Requirements

- Inkan (seal) ng dati at bagong may-ari ng sasakyan.
- Original copy ng "Shaken-sho" o sertipiko ng inspeksyon ng sasakyan.
- Vehicle Liability Insurance (Jibaiseki Hoken)
- Inkan Certificate ng bagong may-ari ng sasakyan
- Juminhyo ng bagong may-ari ng sasakyan
- ☆ Disposal, pagpalit ng pangalan, at pagkansela ng rehistro ng sasakyan

Kapag 125cc pababa na motorsiklo, i-apply lamang ito sa Municipal Tax Division sa 2nd floor ng City Hall. Kapag maliit (kei) na sasakyan o 125cc mahigit na motorsiklo naman, i-apply lamang sa "K-car Inspection Association. (Tsu-shi Kumozu Nagatsune-cho Aza Rokunowari 1190-10)

Konsultasyon para sa mga dayuhang residente



Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa city hall gaya ng bayarin sa buwis, social assistance, edukasyon at iba pa, mayroon po tayong interpreter sa International Exchange Section (Shimin-koryu-ka) sa wikang **Portuguese, Spanish, English at Tagalog** kaya huwag kayong mag-atubiling kumunsulta. Mayroon din ditong interpreter sa 13 wika sa pamamagitan ng video call gamit ang tablet.

< Para sa mga katanungan >

International Exchange Section
Shimin-koryu-ka ☎ 059-229-3102

VOLUNTEER JAPANESE-LANGUAGE CLASS PARA SA BUWAN MARSO

Tsu Chuo Kominkan Tsu Center Palace 2F	Ano Naka Kominkan 2F	Hisai Sogo Fukushi Kaikan	Kawage Kominkan 3F
Linggo	Sabado	Sabado	Linggo
Mangyaring tumawag na lamang sa opisina 059-229-3146	Mangyaring tumawag na lamang sa opisina 059-229-3146	Mangyaring tumawag na lamang sa opisina 059-229-3146	Mangyaring tumawag na lamang sa opisina 059-229-3146
Tsu-shi Daimon 7-5 059-229-3146	Tsu-shi Ano-cho Tookan'onji 483 059-268-2101	Tsu-shi Hisai Higashi- takatomachi 20-2 059-255-8839	Tsu-shi Kawage-cho Hamada 742 059-244-1700

